

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 10 Blg. 38 January 19-25, 2026 P10.00



Promosyon ni P/MGen Dizon...

## 2 'ESTRELYA' SA BALIKAT NG DIREKTOR NG PNPA SA SILANG, CAVITE

*pahina 2*



**GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2026**

**FERDINAND P. JARIN**

**Disertasyon**  
"Ang Kalyeng Walang Kamatayan: Ang Paglalandas ni Leoncio P. Deriada sa Panitikan ng Banwa at Bansa"



**GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2026**

**DARWIN P. PLAZA**

**Tesis**  
"Gakot at Paglaban sa Kalamidad ng mga taga-Partido Erya sa Bikol, Pilipinas"



**One-Time Waiver of Interest**

**Ano, Paano, at Para Saan ito?**

**Mga EMPLOYER, abangan ang detalye!**

**PhilHealth**  
Your Partner in Health

PHILHEALTH IMPLEMENTS ONE-TIME INTEREST WAIVER TO HELP EMPLOYERS AND MEMBERS SETTLES CONTRIBUTION- *story p.5*

Ferdinand P. Jarin at Darwin P. Plaza, Wag! ng PHP100,000.00 sa KWF Gawad Julian Cruz Balmaseda 2026- *story p.4*



PNP Top Brass PLTGen Nartatez Visits PRO CALABARZON- *story p.5*



CAVITE POLICE AND PROVINCIAL GOVERNMENT STRENGTHEN TIES IN NEW YEAR'S CALL- *story p.7*

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

Promosyon ni P/MGen Dizon...

## 2 'ESTRELYA' SA BALIKAT NG DIREKTOR NG PNPA SA SILANG, CAVITE

ANG donning of ranks ceremony para kay Police Major General Andre P. Dizon ay isinagawa ng Philippine National Police sa Camp Crame, Quezon City nitong Enero 13.

Personal na pinangunahan ni PNP Acting Chief, Police Lieutenant General Jose Melencio C. Nartatez Jr. ang naturang seremonya bilang pagkilala sa promosyon at patuloy na serbisyo ni P/MGen Dizon sa organisasyon.

Itinatampok ng promosyon ni P/MGen Dizon ang paninindigan ng PNP sa pagpapaunlad ng pamumuno at pagpapalakas ng institusyon, partikular sa pagsusulong ng papel ng Philippine National Police Academy sa paghubog ng mga susunod na pinuno ng pulisya, alinsunod sa pananaw ng organisasyon ng isang mas propesyonal, tumutugon, at people-oriented na serbisyo ng pulisya sa ilalim ng bandila ng Bagong PNP para sa Bagong Pilipinas / Serbisyong Mabilis, Tapat, at Nararamdaman.

Samantala, dumalo sa nasabing kaganapan sina National Police Commission Vice Chairperson at Executive Officer Atty. Rafael Vicente R. Calinisan; Deputy Chief for Administration, Police Lieutenant General Bernard M. Banac; Deputy Chief for Operations, Police Lieutenant General Edgar Alan Okubo; at Acting Chief of the Directorial Staff, Police Major General Neri Vincent Ignacio, kasama ang iba pang matataas na opisyal ng PNP at mga natatanging bisita.

Si P/MGen Dizon ay nagsisilbing director ng PNPA sa Camp General Mariano N. Castañeda, Silang, Cavite. Kaugnay nito ay isang seremonya ang isinagawa ng PNPA sa Camp General Mariano N. Castañeda bilang pagbibigay ng arrival honors at pagkilala sa promosyon ni P/MGen Dizon. Sinaksihan ng PNPA Command Group,

faculty, at Corps of Cadets ang naturang seremonya. Nabatid na sa ilalim ng pamunuan at patnubay ni P/MGen Dizon ay patuloy na pinalalakas ng akademiya ang mandato nito sa paghubog ng mga pinunong disiplinado at handa sa hinaharap na handang harapin ang mga umuusbong na hamon ng pagpapatupad ng batas na may kahusayan at integridad.

## Wanted, timbog sa Bacoor CCPS

**TIMBOG** sa mga tauhan ng Bacoor Component City Police Station ang isang City Level Most Wanted Person kamakailan. Naaresto ang akusado na kilala sa alyas na Jole, residente ng Bacoor City, Cavite, dakong alas-5:18 ng hapon nitong Enero 14 sa naturang lungsod. Inaresto ang akusado sa bisa ng warrant of arrest para sa kasong paglabag sa Section 11 Article II of RA9165 na inisyu noong Disyembre 18, 2025 ng Presiding Judge ng Regional Trial Court, Branch 110, Bacoor City, Cavite.

## MWP 'nadamba sa Tanza

**PINANGUNAHAN** ng mga tauhan ng Silang Municipal Police Station ang ikinasang joint police operation na nagresulta sa pagkakasakote sa isang regional-level most wanted person kamakailan sa Tanza, Cavite. Ang akusadong si alyas Orly, residente ng Tanza, ay naaresto dakong alas-4:00 ng hapon sa naturang bayan nitong Enero 13.

Inaresto ang naturang akusado sa bisa ng warrant of arrest para sa kasong qualified theft (Article 310 in relation to Article 308 of the Revised Penal Code) na inisyu noong August 6, 2014 ng Regional Trial Court, Branch 18, Tagaytay City, Cavite, na walang piyansang inirekomenda.

## Legarda hinimok ang mas matibay na pagkakaisa laban sa krisis sa basura

Habang ginugunita ng Pilipinas ang National Zero Waste Month ngayong Enero, nanindigan si Senadora Loren Legarda sa kanyang panawagan para sa mas matibay na pambansang pagkakaisa upang harapin ang lumalalang krisis sa basura ng bansa.

Ipinunto ng Senadora na bagama't lumawak na ang kamalayan at dumami ang mga inisyatiba sa komunidad, kailangan ang mas malalalim na reporma at sama-samang pagkilos.

"Ang Zero Waste ay isang pambansang paninindigan," pahayag ni Legarda.

"Kailangan natin ng mas matibay na pag-aksyon. May pananagutan ang bawat Pilipino, at dapat tumindig ang bawat institusyon upang pangalagaan ang ating kalikasan at ang kinabukasan ng susunod na henerasyon," dagdag niya.

Ang panawagan ng Senadora ay kasunod ng nakababahalang datos mula sa What a Waste Global Database Report ng World Bank noong 2025, kung saan ika-27 ang Pilipinas sa 50 bansang may pinakamalaking nalilikom na municipal solid waste, na umaabot sa 14.6 na milyong tonelada kada taon. Malaking bahagi nito ay plastik, at nagbabala ang mga eksperto na ang patuloy na pagdami ng basura ay nagbabanta sa kalusugan ng publiko, katatagan ng mga lungsod, at mga pagsisikap ng bansa sa pag-angkop sa pagbabago ng klima.

Nagpang-angkop ni Legarda na ang maling pamamahala ng basura ay tuwirang nagpapalakas ng pagbaha at panganiab sa sakuna. Noong Hulyo 2025, nakalikom ang Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) ng mahigit 600 tonelada ng basura sa buong NCR sa kasagsagan ng malalakas na ulang dulot ng habagat kabilang ang 526.8 tonelada mula sa mga pumping station at 76.9 na tonelada mula sa mga binahang lugar. Samantala, nag-alis ang DENR-NCR

Nagsilbing lead unit sa nasabing operasyon ang Silang MPS katuwang ang Provincial Intelligence Team Cavite, Regional Intelligence Unit 4A, at 401st Alpha Maneuver Company, RMFB 4A, gamit ang Alternative Recording Device.

ng mahigit 872,000 sako ng debris mula sa mga ilog at estero upang mabawasan ang pagbaha. Kinumpirma ng mga awtoridad na ang pagbabara ng mga daluyan ng tubig dahil sa maling pagtatapon ng basura ang lalong nagpalala ng pagbaha sa Metro Manila.

"Ang pagbaha ay hindi lamang usapin ng ulan; ito ay pinalalala ng basurang bumabara sa ating mga ilog at estero," babala ni Legarda.

"Bawat piraso ng basura ay nagiging hadlang na naglalagay sa panganib ng buhay. Ang mas mahigpit na disiplina sa basura ang pananggalang na maaari nating buuin nang magkakasama," diin niya.

Kasabay nito, binigyang-diin ni Legarda na matagal nang umiiral ang balangkas para makamit ang zero waste sa pamamagitan ng Republic Act No. 9003, o Ecological Solid Waste Management Act, na kanyang iniakda at pangunahing inisponsoran. Inaatasan ng batas ang paghihiwalay ng basura sa pinagmulan, pagtatatag ng materials recovery facilities (MRFs) sa bawat barangay,

at pagbawas ng basura sa pamamagitan ng pag-recycle, composting, at muling paggamit.

"Ibinibigay ng RA 9003 ang malinaw na gabay: paghihiwalay sa pinagmulan, pag-recycle, composting, at muling paggamit," paliwanag ni Legarda.

"Kung ipatutupad ng bawat barangay ang materials recovery facilities at isasagawa ng bawat tahanan ang tamang paghihiwalay ng basura, maaari nating lubos na mabawasan ang basura at maprotektahan ang ating mga komunidad."

Binanggit din ni Legarda ang Republic Act No. 11898, o ang Extended Producer Responsibility Act of 2022, na kanyang iniakda bilang co-author upang palakasin ang RA 9003 sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga prodyuser na bawiin at i-recycle ang plastik na packaging waste sa ilalim ng malinaw na EPR programs.

Upang umakma sa mga balangkas na ito, muling inihain ni Legarda sa ika-20 Kongreso ang Magna Carta of Waste Workers, isang panukalang naglalayong

## AFP, PNP pinagtibay ang dedikasyon sa seguridad ng bansa habang pinasalamatan si PBBM sa pagtaas ng budget sa 2026

Pinasalamatan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) si Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. sa karagdagan ng pondo sa ilalim ng 2026 General Appropriations Act (GAA), kasunod ng pag-apruba ng Pangulo sa PhP6.793 trilyon na pambansang budget.

Nagpasalamat din ang dalawang institusyon sa Department of Budget and Management (DBM) gayundin sa Senado at Kamara sa kanilang papel sa pagbalangkas ng nasabing batas sa budget.

Sa isang press briefing sa Malacañang nitong Miyerkoles, tiniyak ni AFP Deputy Chief of Staff Lt. General Rommel P. Roldan sa publiko na patuloy ang serbisyo at sakripisyo ng mga men at women in uniform upang mapanatili ang kapayapaan at seguridad ng bansa.

"Mula sa Sandatahang Lakas ng Pilipinas, sa pangkalahatan partikular sa aming Chief of Staff General Romeo S. Brawner Jr., nais kong ipahatid on behalf of your Filipino soldiers ang amin pasasalamat sa pamahalaan sa pamumuno

ng ating Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr.," ani Roldan.

Kinikilala rin ni Roldan ang ginawang pagpapasa ng pambansang budget ng mga mambabatas, kung saan mataas ang inaprub na alokasyon sa mga ahensya ng gobyerno, partikular na para sa AFP basic pay at subsistence allowance.

"Nais ko pong ibigay ang assurance na patuloy ang inyong Sandatahang Lakas na magbibigay, magsasakripisyo para sa ating bayan," dagdag pa niya.

Binigyang-diin ni Roldan na ang pagtaas ng budget ay pagkilala sa sakripisyo ng mga sundalo at kanilang pamilya, at magsisilbing inspirasyon upang lalo pang pagbutihin ang kanilang tungkulin bilang kasundalohan.

"Ito rin ay pagkilala sa sakripisyo namin at ng aming pamilya. Dahil rito, alam po ninyo naman na patuloy na propesyunal ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas. At ito ay patuloy na magbibigay inspirasyon sa amin upang gawin nang mas mabuti, patuloy na ang amin pong role bilang inyong kasundalohan," ani Roldan.

i-standardize ang kundisyon sa trabaho, palawakin ang social protection, at pormal na kilalanin ang mga pormal at impormal na waste workers bilang mahahalagang katuwang sa pamamahala ng kalikasan.

"Mahahalagang katuwang ang mga waste worker sa pangangalaga ng kalusugan ng publiko at ng kapaligiran. Sa pagtiyak ng kanilang mga karapatan at proteksyon, itinataguyod natin ang kanilang dignidad at pinatitibay ang ating paninindigan sa people-centered environmental governance," pahayag ni Legarda.

Ngayong Zero Waste Month, muling pinagtibay ni Legarda ang kanyang pangako na isulong ang mga repormang magpapalakas sa pananagutan ng mga prodyuser, magbibigay-lakas sa mga komunidad, at mag-iinstitusyonalisa ng suporta para sa mga waste worker.

"Ito ang simula ng panibagong taon ng pananagutan," ani Legarda. "Ngunit sa pagkakataong ito, dapat itong markahan ng aksyon at resulta. Ang zero waste ay hindi pangarap kundi ating responsibilidad sa ating bansa at sa mga susunod na henerasyon."

Si PNP Acting Chief Lt. General Jose Melencio C. Nartatez Jr. naman ay nagpahayag ng pasasalamat sa Pangulo sa pag-apruba ng budget, sa Kongreso sa pagpasa nito, at kay Department of the Interior and Local Government (DILG) Secretary Juanito Victor "Jonvic" Remulla sa kanyang paggabay sa pagpapatibay ng mga programa ng PNP para sa kapayapaan, kaligtasan ng publiko, at mabuting pamamahala.

Sinabi ni Nartatez na tumaas ng 10 porsyento ang budget ng PNP, mula PhP205 bilyon noong nakaraang taon tungo sa PhP226 bilyon ngayong taon.

"Rest assured that this budget that corresponds to the various programs, activities and projects of the PNP will be geared towards building a safer community and a better police service for all Filipinos," ani Nartatez.

Binigyang-diin niya na nananatiling nakatuon ang PNP sa kanilang adyenda ng reporma sa ilalim ng panawagan na, "Bagong PNP para sa Bagong Pilipinas. Serbisyong Mabilis, Tapat at Nararamdaman." | **PND**

# Editorial

Istriкто, sana magkatotoo  
**ISTRIKTO** na ang Department of Social Welfare and Development sa mga patakarang ipatutupad. Ito ay may kinalaman sa kung tawagin ay 'epal' na pulitiko na nanghihimasok kapag ang gobyerno ay mayroong tulong na ipinamamahagi. Sa kabila na propesyonal naman ang mga social worker ng kagawaran ay hindi sila pahihintulatang magtungo sa mga distribution site kung mayroong presensiya roon ng mga pulitiko. Sakali naman na habang nasa

kasagsagan ng pamamahagi ng tulong at bigla ay may sumulpot na pulitiko ay obligado ang kagawaran na ihinto ang aktibidad. Apektado ang mga tao dahil lamang sa kaepalan ng pulitiko na mantakin ba naman na naghintay ng oras para makakuha ng ayuda subalit matitigil lamang. Kung tutuusin, dapat noon pa ang pagpapatupad ng istriкто o mahigpit na mga patakarang kaya sana sa pagkakataong ito ay magkatotoo na. Hindi dapat naghahari sa mga ganitong gawi ang mga epal na pulitiko na ang layon ay para sa sariling pagpapakilala o promosyon ng kanilang political agenda.

# Kalibre

Romy Santos  
0977-7844136

## Sagrado na trabaho

**TILA** bakas sa mukha o reaksiyon ni Ombudsman Boying Remulla ang animo'y pagkagalit habang nagsasalita patungkol kay Batangas 1st District Congressman Leandro Leviste. Galit nga ba? Kung ano man iyon ay hindi natin batid at kung mayroon nga ba talagang galit o sadyang ganon lamang ang ekspresyon ni Remulla sa pagsasalita. Batid ko na hindi naman lingid sa inyong kaalaman ang isyung may kaugnayan dito. Hindi po tayo tutok sa kung ano mang usapin na iyon bagkus ay mga pagtatanong. Ang tanggapan ng Ombudsman ay masasabing kahalintulad sa piskalya. Tatanggap ng mga reklamo at magdedetermina sa kung ano man ang magiging estado ng kaso batay sa maingat at masusing pag-aaral o pag-iimbestiga. Hindi ba dapat ay walang kaakibat na galit ang Ombudsman laban sa kinakasuhan o maging sa naghahain ng kaso? Paglilinaw lamang na hindi natin sinasabi na galit nga si Remulla kay Leviste na ang ating punto dapat ay neutral at mahinahon lamang. Maituturing na 'basag' agad ang paggawad ng desisyon kung naghahari sa puso at isipan ang galit. Ganon din sa mga piskal, huwes o kahit simpleng tao na kapag may kahalong galit ay sira na ang diskarte lalo na sa pagpapasya. Ang mga katulad na tungkulin o pwesto ay sadyang sagrado na trabaho na nangangailangan ng nakabukas na puso at isipan sa hanay ng magkabilang panig na walang galit at pagkiling. Ganon din dapat sa larangan ng pamamahayag, kaya nga tinatawag na media ay nasa gitna lamang at walang pinapanigan na dapat ay kapwa bibigyan puwang ang paliwanag ng bawat panig.



Kwento ni CHIT MOZO

## Hawak ng ibang mga kamay sa badyet

**Mare:** Ayos lang 'yun Tess, eh sino pa ba naman ang magdadamay. What are friends are for?  
**Tess:** Kung 'di lang nadisgrasya ang asawa ko eh 'di naman ako lalapat sa'yo para manghiram.  
**Mare:** Pinahiram kita dahil alam ko naman na marunong kang magbayad ng utang. Kung kelan ka lang na alam mong maluwag na ay saka ka na magbayad.  
**Tess:** Sana nga ay makarekober na agad mister ko, alam mo naman na kahit paano ay nakakapagtabi ako ng konting pera 'dun sa mga sideline n'ya.  
**Mare:** 'Wag mo na munang isipin 'yun, kung anu-anong sinasabi at iniisip mo eh. Gagaling din agad asawa mo, mabuti na lang at 'di grabe ang nangyari.  
**Tess:** Buti ka pa ang asawa mo ay office lang, may maayos na posisyon kaya maganda ang suweldo. 'Di kagaya ng mister ko, sa kalsada ang trabaho pati ang kanyang sideline. For sure, maayos na ang savings n'yo.  
**Mare:** 'Di naman, katamtaman lang. Eh halos same lang naman tayo, 'di nagkalahayag ng estado sa buhay. Alam ko rin na marunong kang humawak ng pera dahil mahusay ka naman sa pagbabadyet. Kung 'di naman tinakbuhon o tinakasan ng nakaaksidente ang mister mo eh dapat 'yun ang sumasagot sa lahat ng gastusin at responsibilidad. Kaya hayon at nasimot ang ipon n'yo at sira ang badyet mo.  
**Tess:** Nabanggit mo ang badyet, bigla ko tuloy naalala si Amy.  
**Mare:** Si Amy ba na anak nina Mang Fredy at Aling Lita? Maayos ang trabaho 'nun sa abroad ah, 'di ba ang asawa ni Amy ay si Marty at may dalawa silang anak?  
**Tess:** Tama at 'dun nakatira ang mag-aama sa bahay ng magulang ni Amy. Medyo Malaki naman ang bahay at wala naman ibang nakatira pa 'run kundi '

yung dalawang matanda lamang.  
**Mare:** Ano naman ang kaugnayan 'nun sa sinasabi mong badyet?  
**Tess:** Nagpapadala si Amy tuwing akinse at katapusan ng buwan pero 'di kay Marty direkta ang pera. 'Dun sa nanay, kay Aling Lita ipinapadala ang pera.  
**Mare:** Bakit ganon? Dapat sa asawa pinapadala ang pera.  
**Tess:** Dapat nga ay ganon, pero ewan ko at bakit sa nanay. 'Pag natanggap na ang pera ay babawasan na ni Aling Lita. Pangkonsyerto, alam naman nating mahilig sa larong mahjong si Aling Lita.  
**Mare:** 'Pag nakakuha na si Aling Lita ng pangkonsyerto n'ya ay 'saka pa lamang ibibigay kay Marty ang pera?  
**Tess:** Mali, iaabot ni Aling Lita ang pera kay Mang Fredy. Ang balita ay nag-iisnaban 'ata sina Marty at biyenang niyang babae. Masaklap pa, kukupitan naman ni Mang Fredy.  
**Mare:** 'Josko day! Hawak ng ibang mga kamay sa badyet na dapat ay 'dun sa tamang tao napupunta ang pera na padala ni Amy.  
**Tess:** Kung si Aling Lita ay mahjong ang pinagkakaabalahan, si Mang Fredy naman ay sabong ang libangan. Tapos, itong si Marty 'pag nayaya at nakantyan ng tropa ay labas naman ng pera sa tomaan.  
**Mare:** Grabe, wala palang pagpipilian. Kawawang Amy dahil 'di nagagamit sa wasto ang perang pinapadala n'ya.  
**Tess:** Ang talagang nakakaawa d'yan Mare ay 'yung mga bata, sila ang nagsasakripisyo.  
**Mare:** Ganon talaga ang mangyayari. Kasi, dahil kinakapos sa badyet ay mga bata ang apektado. Dapat ay masasarap at masusustansyang pagkain ang binibigay sa mga bata pati vitamins lalo na 'pag nagsipag-aral na ang mga 'yun.  
**Tess:** 'Di pa 'yan Mare. Ni hindi nga nagagawang ipasyal ng ama ang kanyang dalawang anak. Minsan nga natanaw ko 'yung dalawang bata, mantakin mo ba naman ang itsura o ang suot. Parang yagit o palaboy.  
**Mare:** 'Yan ang pagkakaiba natin sa kanila, dahil marunong tayong humawak ng badyet kaya maayos at masigla ang ating pamilya na walang nagdurusa.

--- Wakas ---

Ang pera kapag dumaan o dumapo sa mga palad ay lubhang napakabilis ng paglaho kaya nangangailangan ng wastong disiplina para sa pagpapatupad ng maayos na paggasta sa pamamagitan ng matalino at matinong pamamaraan sa pagbabadyet.




**ROMEO S. SANTOS**  
Publisher/Editor-in-Chief

**JUNE K. BILLONES**  
Managing Editor

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Verano Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite  
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927  
**Website:** <https://hanep.net>  
**Email:** ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA:** Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.



**ADVERTISING RATES**  
**COMMERCIAL** - - - - P200/col.cm  
**LEGAL NOTICES** - - - P160/col.cm

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
FOURTH JUDICIAL REGION  
REGIONAL TRIAL COURT  
Branch 90  
DASMARIÑAS CITY, CAVITE

PHILIPPINE NATIONAL BANK  
In its capacity as assignee-mortgagee of  
PNB Savings Bank,  
Mortgagee,

-versus-  
File No. FC-DC-1999-25  
**EXTRAJUDICIAL FORECLOSURE  
OF REAL ESTATE MORTGAGE  
UNDER ACT 3135, AS AMENDED  
BY ACT 4118**

**SPS. VICTOR S. BASI AND JULIETA L. BASI**  
Represented herein by **VICTOR S. BASI,**  
Debtor/Mortgagor.

x-----x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the petitioner/mortgagee, **PHILIPPINE NATIONAL BANK** in its capacity as assignee-mortgagee of **PNB Savings Bank** with postal address at PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard, Pasay City, Metro Manila against the debtor/mortgagor **SPS. VICTOR S. BASI AND JULIETA L. BASI** Represented herein by **VICTOR S. BASI** with postal address at (1) 134 Hidalgo St., Pasay City; (2) Block 2 Lot 12, Phase 1, Amaris Homes Dasmariñas, Brgy. Salitran II, Dasmariñas, City, Cavite; and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of **November 30, 2025** amounts to **ONE MILLION FIVE HUNDRED FORTY THOUSAND NINE HUNDRED EIGHTY PESOS AND 90/100 (Php 1,540,980.90)**, exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned sheriff will sell at public auction on **March 04, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter in the lobby of Branch 90, Regional Trial Court, Ground Floor, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Buro I, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE  
No. 057-2021042933**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in SALITRAN II (FORMERLY BUROL), DASMARIÑAS, CAVITE, bounded and described as follows:

**LOT NO: 12 BLOCK NO: 2 PLAN NO: PSD-04-244222**  
**PORTION OF: LOT 3500-A, PSD-042106-058675 ;**  
LRC RECORD NO. 8843

**LOCATION: SALITRAN II, (FORMERLY BUROL),**  
**DASMARIÑAS, CAVITE (Continued on next page)**

is registered in accordance with the provision of the Property Registration Decree in the name of

**Owner: SPS. VICTOR S. BASI AND JULIETA L. BASI,**  
**BOTH FILIPINO CITIZENS, BOTH OF LEGAL AGE**  
**Address: 134 A. HIDALGO ST., PASAY CITY**

**TCT NO. : 057-2021042933**  
**Page No. : 2**

**TECHNICAL DESCRIPTION (Continued from page 1)**  
**BOUNDARIES:**

LINE	DIRECTION	ADJOINING LOT(S)
1-2	NW	ROAD LOT 10, PSD-04-244222
2-3	NE	LOT 13, BLOCK 2, PSD-04-244222
3-4	SE	LOT 3500-B, PSD- 042106-058675
4-1	SW	LOT 11, BLOCK 2, PSD-04-244222

**TIE POINT: MON NO. 168, IMUS ESTATE**

LINE	BEARING	DISTANCE
TO CORNER 1	S. 07 ° 33' E	666.65 M.
1-2	N. 81 ° 26' E	4.00 M.

**OWWA receives bigger allocation  
in 2026 to aid more OFWs**

The Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) received a PhP1.2 billion budget for emergency repatriation this year in order to provide assistance to more Filipinos abroad, the Department of Migrant Workers (DMW) said on Monday.

"For OWWA, tumaas po iyong ating tinatawag na emergency repatriation to PhP1.286 billion for 2026 and mayroon tayong tinatawag na 'Alagang OWWA' na PhP942 million," DMW Undersecretary Bernard Olalia said in a press briefing in Malacañang.

"Iyong 'Alagang OWWA' natin part of those expenses will be for the Overseas Filipino Workers (OFW) caravans. Ito po iyong ginagawa nating serbisyo sa ating mga OFWs abroad na kung saan may whole-of-government approach tayo. Hindi bababa sa 15 ahensiya ang tumutulong para ilapit iyong government services para sa ating mga OFWs," Olalia said.

Olalia reported that as of November 2025, the caravans have assisted 63,161 OFWs abroad, which is equivalent to 145,807 government transactions, conducted particularly in the Middle East, Asia and Europe.

The government is currently carrying out caravans in Dubai and Abu Dhabi in the United Arab Emirates, spearheaded by DMW Secretary Hans Leo Cacdac and First Lady Lisa Araneta-Marcos.

OWWA received a PhP4.2 billion allocation for 2026, an increase of 26 percent from last year's PhP3.4 billion budget, said Olalia.

For this year, the DMW has a total budget of PhP11.7 billion.

Under the government's repatriation assistance, the DMW extended support to 3,723 OFWs victimized by scammers in Cambodia and Myanmar, Olalia said.

2-3	S. 08 ° 34' E	12.50 M.
3-4	S. 81 ° 26' W	4.00 M.
4-1	N. 08 ° 34' W	12.50 M.

**AREA: FIFTY SQUARE METERS (50), MORE OR LESS**

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the publication auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **March 18, 2026**, at the same time and place without further notice.

Dasmariñas City, Cavite, January 8, 2026

**ARLYN P. BARCELON**  
Sheriff IV

**ATTY. MARCELA L. BAYBAY**  
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

Copy Furnished:

**PHILIPPINE NATIONAL BANK**  
PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard,  
Pasay City, Metro Manila

**ATTY. POMPEYO P. MAYNIGO**  
Vision Credit & Collection Services Inc.,  
JRDC Bldg. 117 Sen Gil J. Puyat Ave., Pasay City

**SPS. VICTOR S. BASI AND JULIETA L. BASI**  
Represented herein by **VICTOR S. BASI**  
(1) 134 Hidalgo St., Pasay City;  
(2) Block 2 Lot 12, Phase 1, Amaris Homes Dasmariñas,  
Brgy. Salitran II, Dasmariñas, City, Cavite

Notice posted at:

1. The Bulletin Board of Regional Trial Court, Dasmariñas City, Cavite
2. The Bulletin Board of Dasmariñas City Hall
3. The Bulletin Board of Dasmariñas City Post Office
4. The Bulletin Board of Dasmariñas City Public Market

**Publication: HANEP** January 12, 19 & 26, 2026

**Ferdinand P. Jarin at Darwin P. Plaza,  
Wagî ng PHP100,000.00 sa KWF  
Gawad Julian Cruz Balmaseda 2026**

**NAGWAGI** ng kaalaman sa paghahanda ng mga malayò at tabing-dagat na komunidad sa Partido Erya, Bikol.

Matagumpay ang nagawang dokumentasyon na nagpapakita ng isang malinaw na ambag sa pagpapanatili, pagpapaunlad, at pagpapahalaga ng anyo ng kultura at tradisyong sumasalamin sa pagkamalikhain at pagkamaugnayin ng mga taga-Partido sa kanilang lokal na kapaligiran.

Malinaw na napunuan niya ang kakulangan o kawalan ng mga pag-aaral tulad ng katutubong paggagakat bilang isang katutubong estratehiyang tumutugon sa panganib ng kapaligiran. Ang saliksik ay maituturing bilang isang akademikong sulatin, mahalagang ambag ang tesis na ito sa pagtuturò ng mga asignaturang Filipino, Kasaysayan at iba pang araling saklaw ang pagpapahalaga at pagkakakilanlan.

Ang Gawad Julian Cruz Balmaseda ay isang gawad para sa pinakamahusay na tesis at disertasyon na isinulat gamit ang wikang Filipino para sa mga larang akademiko, lalo na sa agham pangkalikasan, agham panlipunan, at matematika. Layunin ng gawad na ito na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo ang pagsusulat at publikasyon ng mga akdang orihinal at ambag para sa intelektuwalisasyon at modernisasyon ng Filipino.

Samantála, nagwagi rin si Darwin P. Plaza ng PHP100,000.00 para sa kaniyang tesis masterado sa Ateneo De Naga University na pinamagatang "Gakot at Paglaban sa Kalamidad ng mga Taga-Partido Erya sa Bicol, Pilipinas" bilang pinakamahusay na tesis sa taóng 2026 ng Gawad Julian Cruz Balmaseda.

Nakatuon ang pag-aaral sa mga katutubong

**Wanted, tiklo sa pulis-Alfonso**

**TIKLO** ang isang regional-level most wanted person sa matagumpay na law enforcement operation kamakailan sa Alfonso, Cavite.

Kinilala ang akusado na si alyas John, naninirahan sa Alfonso, at siya ay naaresto dakong alas-12:30 ng tanghali nitong Enero 13 sa naturang bayan.

Si John ay inaresto sa bisa ng warrant of arrest para sa kasong paglabag

sa Sections 5, 11, and 12, Article II ng Republic Act No. 9165, na inisyu noong Mayo 20, 2024, ng Regional Trial Court, Fourth Judicial Region, Branch 134, City of Tagaytay, na walang inirekomendang piyansa.

Ang pag-aresto ay isinagawa ng warrant section ng Alfonso Municipal Police Station gamit ang Alternative Recording Device.

## PHILHEALTH IMPLEMENTS ONE-TIME INTEREST WAIVER TO HELP EMPLOYERS AND MEMBERS SETTLE CONTRIBUTION

PhilHealth welcomes the directive of President Ferdinand R. Marcos Jr. to implement a one-time waiver program for incurred interests from missed premium payments. This is a concrete measure to help employers, self-employed individuals, and other covered members settle long-standing contribution obligations and restore good standing with the National Health Insurance Program.

The waiver policy underscores the administration's commitment to fairness, economic recovery, and sustained access to healthcare by addressing the accumulated burden of interest arising from missed premium payments.

To provide clarity, the one-time waiver applies strictly to interest charges, and does not cover unpaid premium contributions. The policy is designed to assist employers and self-employed individuals whose arrears have ballooned primarily because of compounded interest, while ensuring continuous delivery of benefits of employees and members of PhilHealth.

To further ease the financial burden on covered entities, PhilHealth is providing a one-year settlement window from the effectivity of the Circular, during which outstanding premium contributions may be paid. Employers who settle earlier within the prescribed period may qualify for greater reductions in interest, including partial or full waiver, depending on the length of the payment term.

For the employed sector, the guidelines for availing waiver will be published soon. Meanwhile, the detailed implementing mechanics for the self-employed sector are being finalized and will be issued separately to ensure proper guidance and orderly implementation.

As part of the program safeguards, employers availing of the one-time waiver are required to

register their employees under the Yaman ng Kalusugan Program (YAKAP) and ensure completion of the First Patient Encounter (FPE), in line with PhilHealth policy. This requirement reinforces the intent of the waiver—not only to recover missed contributions, but also to connect workers and their families to accessible primary care services.

PhilHealth encourages all eligible employers and members to take advantage of this limited, one-time opportunity, and advises the public to await official announcements for further details on implementation timelines and payment arrangement options, particularly for the self-employed sector.

For accurate information and updates, the public is urged to follow PhilHealth's verified communication channels.

## PNP Top Brass PLTGen Nartatez Visits PRO CALABARZON

**Camp BGen Vicente P. Lim** — The Acting Chief of the Philippine National Police (PNP), Police Lieutenant General Jose Melencio C Nartatez Jr, conducted a command visit to the Police Regional Office CALABARZON today as part of his continuing engagement with police units nationwide.

PLTGen Nartatez was accorded arrival honors upon his arrival at Camp BGen Vicente P Lim and was warmly welcomed by the Regional Director, PBGEN Paul Kenneth T Lucas together with the members of the Command Group, Regional Staff, Provincial Directors, and Chiefs of National Support Units.

During his Talk-to-Men, the PNP Chief emphasized the fundamental duties and responsibilities of police personnel, reiterating the organization's mandate to enforce the law, prevent and control crime, maintain peace and order, and ensure public safety and internal security.

## CALABARZON December 2025 inflation recorded at 2.1 percent

**LIPA CITY, Batangas** — The Philippine Statistics Authority (PSA) CALABARZON reported the December 2025 inflation in the region during an online press conference on 09 January 2026. Regional Director Charito C. Armonia announced that the region's inflation rate in December 2025 increased at 2.1 percent. This figure is 1.2 percentage point lower than the 3.3 percent posted in December 2024. In addition, the average inflation rate for 2025 is recorded at 2.1 percent. A faster increase in prices for Food and Non-Alcoholic Beverages commodity group—averaging at 1.8 percent—contributed to the acceleration in the overall inflation rate (IR).

Compared to previous month's inflation, Food groups in CALABARZON that incurred increments in IR include Corn at 14.0 percent inflation (from 12.1 percent); Flour, bread and other bakery products, pasta products, and other cereals at 2.4

percent inflation (from 1.3 percent); Vegetables, tubers, plantains, cooking bananas and pulses at 8.2 percent (from 0.8 percent); and Fruits and nuts at 0.1 percent inflation (from -0.1 percent).

On the other hand, Food groups that recorded lower increase in prices include Meat and other parts of slaughtered land animals at 4.2 percent inflation (from 4.9 percent); Fish and other seafood at 6.4 percent inflation (from 6.6 percent); Oils and fats at 17.1 percent inflation (from 17.9 percent); and Ready-made food and other food products n.e.c. at 1.7 percent (from 1.9 percent). Meanwhile, Rice showed a slow decrease in prices at -10.1 percent inflation (from -13.1 percent). Milk, other dairy products and eggs showed a decrease in prices in December 2025 at -0.1 percent (from a higher increase in prices in the previous month inflation of 0.4 percent). Sugar, confectionery and desserts retained its IR at 1.0 percent.

Compared to November 2025, inflation rate in December 2025 increased in the areas of Batangas (from 0.5 percent to 1.1 percent), Cavite (from 2.2 percent to 2.6 percent), Quezon (from 1.5 percent to 2.5 percent), and Lucena City (from 0.6 percent to 1.6 percent). Meanwhile, Laguna decreased its IR from 2.1 percent to 2.0 percent and the province of Rizal maintained its inflation rate at 2.2 percent. The purchasing power of peso (PPP) in the region was recorded at 77 centavos in December 2025, compared to its value in 2018 (base year).

performance of duty. He also noted the high level of public trust, citing the PNP's 80 percent trust rating reflecting the organization's sustained efforts to deliver Serbisyon Mabilis, Tapat at Nararamdaman. The visit concluded with a Command Conference, during which PBGEN Lucas presented the significant accomplishments and operational gains of PRO CALABARZON. (RPIO4A)

## PGC continues health initiatives with medical and dental mission in Trece Martires City

On January 8, the Provincial Government of Cavite successfully conducted a Medical and Dental Mission in Barangay Cabezas, Trece Martires City, marking the continuation of the PGC's health initiatives for the new year.

